

# **Secondary Suite Incentive Program**

## **Gabay sa Programa**

**Gumawa ng tunay na pagkakaiba sa iyong komunidad.**

**Hulyo 2024**



# Gabay sa Programa

## Mga Nilalaman

<b>Pambungad</b> .....	2
<b>Buod ng Programa</b> .....	2
<b>Eligibility</b> .....	2
<b>Maghandang mag-apply</b> .....	4
<b>Proseso ng Aplikasyon at Pre-Approval</b> .....	5
<b>Ang SSIP Forgivable Loan</b> .....	7
<b>Loan Forgiveness</b> .....	9
<b>Bayad para sa SSIP Funds</b> .....	10
<b>Kontakin Kami</b> .....	10
<b>Mga Madalas na Katanungan</b> .....	11

## Pambungad

Ang gabay na ito ay magbibigay ng impormasyon tungkol sa eligibility, loan forgiveness, at proseso ng aplikasyon para sa Secondary Suite Incentive Program (SSIP). Ito rin ay magsisilbing gabay sa paghahanda at pagbibigay ng kaalaman sa proseso ng aplikasyon. Mangyaring tandaan na ang layunin ng gabay na ito ay magbigay ng pangkalahatang impormasyon. Ang mga tuntunin ng programa ay maaring magkakaiba sa bawat kalagayan ng indibidwal.

Ang karagdagang impormasyon ay matatagpuan sa [bchousing.org/secondary-suite](http://bchousing.org/secondary-suite).

## Buod ng Programa

Tutulungan ng SSIP ang homeowners na gumawa ng bagong affordable rental housing sa kanilang mga komunidad. Ang programa ay naglalaan ng pinansyal na tulong para sa eligible homeowners para magtayo ng isang bagong secondary suite sa kanilang property bilang paupahan [na mas mababa sa market value](#). Ang homeowners na kwalipikado ay makakatanggap nang hanggang 50% ng gastos ng renovations, hanggang sa maximum na \$40,000, kapag nakompleto na ang construction.

Ang programa ay magbibigay ng rebate sa anyo ng isang forgivable loan – ito'y isang utang na hindi mo kailangang bayaran kung susundin mo ang mga tadhana ng programa. Para maging kwalipikado, ang bagong unit ay dapat na nasa parehong property kung saan nakatira ang homeowner at dapat paupahan nang mas mababa sa market rates nang hindi kukulangin sa limang taon. Ang pagtanggap ng aplikasyon ay nagsimula noong Mayo 2, 2024 at ito'y inaaprubahan nang first-come, first-served hanggang sa maubos na ang annual funding.

## Eligibility

Para maging kwalipikado para sa SSIP, dapat mong matupad ang ilang mga takdang kondisyon:

- Ang lahat ng homeowners ay dapat na Canadian citizens o kaya ay permanent residents na may pinagsamang kita na hindi lalampas sa \$209,420 bawat taon.
- Ang bagong suite ay dapat itayo sa pangunahing property ng homeowner. Ito ay dapat na nasa isa sa [aprobadong municipalities o eligible na regional districts sa BC](#), na may property value na hindi lalampas sa \$2,150,000.
- Hindi maaaring magkaroon ng higit pa sa dalawang kasalukuyang mortgages sa property.

Para sa mga layunin ng SSIP, ang isang principal residence (pangunahing tirahan) ay kung saan permanenteng naninirahan ang isang may-ari nang hindi kukulangin sa anim na buwan bawat taon. Ang principal residence ay kung saan ipinapadala ang mga opisyal na dokumento tulad ng mga income tax returns at mga ID mula sa gobyerno.

Ang SSIP loan ay naka-secure bilang isang mortgage sa property. Ang SSIP loan ay ibinibigay sa sandaling makompleto na ang construction at nag-isyu na ng isang occupancy permit para sa bagong secondary suite.

### Mga pamantayan para sa nakaplanong secondary suite:

- Ito'y dapat bagong-tayo na independent legal unit na may sariling kusina at banyo.
- Ito'y dapat na nasa parehong property ng iyong pangunahing residence.
- Kabilang sa eligible suites ay ang suites na nakakabit sa iyong pangunahing bahay, garage suites, at hiwalay na laneway at garden suites.
- Ang building permit ay dapat inisyu noong o pagkatapos ng Abril 1, 2023.
- Kahit na nagsimula na o tapos na ang construction, maaari ka pa rin mag-apply basta natutupad ang lahat ng eligibility criteria, at ang building permit ay inisyu **pagkatapos** ng Abril 1, 2023.
- Ang mga aplikasyon ay tinatanggap nang first-come, first-served hanggang sa maubos na ang annual funding.
- Dapat mong siguraduhin na legal kang makakagawa ng isang secondary suite, sa pamamagitan ng pagkuha ng lahat ng mga kinakailangang permit at permissions. Kung ikaw ay bahagi ng isang strata, dapat mong i-check ang kanilang mga nauugnay na patakaran at mga regulasyon hinggil sa secondary suites.

### Hindi eligible para sa SSIP:

- Ang Farm Class properties ay hindi eligible kung ang halaga ay mas mataas sa takdang limit.
- Ang pagdagdag ng isang secondary suite sa isang bagong tahanan na kasalukuyang itinatayo ay hindi eligible para sa SSIP.
- Ang paggawa ng improvements sa kasalukuyan ng rental units, ang paggamit ng mobile homes, RVs, o 5th wheels ay hindi pinahihintulutan.

### Paggawa ng Bagong Rental Units

**Ang SSIP ay para sa paggawa ng bagong rental units.** Ang upgrading ng mga kasalukuyang rental units ay hindi sakop.

Kung mayroon kang empty suite na ginawa nang walang building permit at nais mong gumawa ng isang secondary suite, hinihikayat ka naming magtanong sa iyong municipality o regional district para malaman kung ikaw ay eligible.

Konsultahin ang downloadable guide ng Province na pinamagatang [Home Suite Home](#) para tulungan kang magpasiya kung ang pagpapatayo at pagpapaupa ng isang secondary suite o accessory dwelling unit ay tama para sa iyo.

### Hindi para sa mga Kapamilya

Ang secondary suites ay mahalagang source ng pangmatagalang rental housing sa buong B.C. Layunin ng SSIP na tulungan ang homeowners na gumawa ng karagdang units na iaalok sa open market. Ang programang ito ay hindi available para sa mga nagpapalano na magpaupa sa isang kapamilya, asawa, kapatid, magulang, o anak.

Sa mga sitwasyon kung saan ang homeowners ay sumusuporta o nais sumuporta sa mga kapamilya, may ibang mga available na programa, tulad ng [Multigenerational Home Renovation Tax Credit](#).

### Eligible na Gastos

Ang SSIP ay makakatulong sa pagbayad nang hanggang 50% ng gastos ng construction, hanggang sa maximum na \$40,000. Para mag-qualify, ang minimum na gastos para gawin ang suite ay \$20,000; ibig sabihin nito'y ang minimum SSIP loan ay \$10,000.

Kabilang sa mga eligible na gastos ang:

- Building permits
- Design fees
- Mga pagbabago sa istruktura
- Electrical
- Materyales at fixtures,
- Ilang appliances (may limit dito).

Ang mga gastos para sa mga personal na extension o landscaping ay hindi eligible. Ang loan, na inilalaan bilang isang forgivable mortgage, ay hindi kailangang bayaran kung susundin ng homeowner ang mga patakaran ng programa. Ang SSIP funds ay iniisyu lamang kapag tapos na ang construction at inisyu na ng municipality o regional district ang isang occupancy permit para sa suite.

## Maghandang mag-apply

Tingnan kung ikaw ay eligible at mag-apply para sa permits mula sa iyong municipality o regional district. Kung ikaw ay kasalukuyang nagpapagawa na ng isang secondary suite, ituturing ang isang aplikasyon kung ang building permit ay inisyu noong o pagkatapos ng Abril 1, 2023.

- 1. Tingnan kung ikaw ay [eligible para sa SSIP](#)**
- 2. Planuhin ang iyong proyekto at maghandang mag-apply**
  - Unang una, siguraduhing pinahihintulutan ng mga patakaran sa iyong lugar ang isang secondary suite sa iyong property. Magtanong sa iyong municipality o regional district.
  - Kumuha ng payo mula sa iba't-ibang mga eksperto tulad ng tax consultants, financial advisors, at builders. Matutulungan ka nilang magplano batay sa iyong sitwasyon.
  - Kung kinakailangan, maghanap ng financing para sa iyong proyekto.
  - Planuhin ang iyong secondary suite.
  - Mag-apply para sa isang building permit. Maaaring kailangan mo ng tulong mula sa mga propesyonal sa hakbang na ito.
- 3. Magtakda ng isang primary applicant**
  - Tiyakin kung sino ang iyong primary contact para sa proseso ng aplikasyon. Maaaring ikaw ito o ibang tao. Sasagutin ng primary contact ang lahat ng mga katanungan ng BC Housing.
  - Ang contact na ito ang siyang magsa-submit ng lahat ng mga dokumento, magsisigurado na updated ang contact information, at sasagot ng mga katanungan ng BC Housing tungkol sa SSIP.
- 4. Ihanda ang mga dokumento at mag-apply online**
  - Ipadala ang iyong online application sa website na [bchousing.org/secondary-suite](https://bchousing.org/secondary-suite).
  - Kailangan mong i-upload ang eligibility documents tulad ng katanungan ng tirahan, income, insurance, at building permit na inisyu noong o pagkatapos ng Abril 1, 2023.
  - Ang mga uri ng files na maaaring ipadala ay: PDF, JPG, JPEG, PNG, TIF, at TIFF. Ang maximum file size ay 10 MB.

## Proseso ng Aplikasyon at Pre-Approval

### Mga Dokumentong Kinakailangan para sa Aplikasyon

Kapag ipinadala mo ang iyong online application, ibigay ang iyong mga pansuportang dokumento. Gamitin ang iyong BC Service Card Account para i-access ang online SSIP application.

Kung wala kang BC Services Card Account, maaari mong i-setup ang iyong BC Services Card [dito](#).

Kailangang i-upload ng homeowners ang mga sumusunod na dokumento para mag-apply para sa SSIP:

- ID tulad ng BC Driver's License o BC Services Card.
- Katunayan ng Canadian citizenship o permanent residence, tulad ng Canadian birth certificate, Canadian passport, citizenship certificate/card, o permanent resident card.
- Ang pinakahuling Income Tax Notice of Assessment.
- Katunayan ng principal residence (isang BC Driver's License o utility bill).
- Aprobadong building permit mula sa iyong municipality o regional district na inisyu noong o pagkatapos ng Abril 1, 2023.
- Ang tinatantiyang gastos ng construction, mga quote ng contractor, o iba pang mga dokumentong nagsusuporta sa estimates.

### Pre-Approval para sa Aplikasyon

Ang mga naaprubahang aplikante ay makakatanggap ng isang pre-approval na sulat na nagbabalangkas sa mga susunod na hakbang bago nila matanggap ang SSIP funding.

#### 1. Sabihan ang lahat ng mga naunang lender (nagpautang)

- Sabihan ang lahat ng mga naunang lender na rehistrado sa titulo tungkol sa pre-approved SSIP mortgage. Ang BC Housing ay maglalaan ng isang notification form kasama ng pre-approval na sulat.

#### 2. Itayo ang secondary suite

- Ang trabaho sa construction ay dapat makompleto bago mag-expire ang building permit o sa loob ng 24 na buwan pagkatapos na matanggap ang funding pre-approval letter ng BC Housing, alinman ang mauna.
- Bilang homeowner, ikaw ang may responsibilidad sa pag-asikaso at pamamahala sa trabaho.
- Ang trabaho ay dapat tumupad sa lahat ng mga may kinalamang batas, mga patakaran, at mga pamantayan sa kaligtasan, kabilang na ang mga pamantayan ng Workers Compensation Board.
- Kung kinakailangan, dapat kang kumuha ng permiso mula sa iyong strata.
- Ang mga gastos para sa trabahong iyong ginawa o ng mga miyembro ng iyong pamilya ay hindi eligible sa ilalim ng mga tadhana ng SSIP loan.
- Ang labour na eligible ay ang mga trabaho lamang na ginawa ng isang lisensyadong kontratista at hindi ng homeowner.

#### 3. Pagkuha ng isang occupancy permit

- Sa sandaling makompleto na ang construction at kapag ang occupancy permit ay naisyu na ng municipality o regional district, mag-login sa iyong SSIP account para ipahayag na kompleto na ang construction at para ilaan ang mga kinakailangang dokumentasyon.

## Pagbago ng Scope

Kung ang isang aplikasyon ay pre-approved para sa halagang mas mababa sa \$40,000 at tumaas ang gastos para sa construction, maaari kang magpadala ng request para dagdagan ang pre-approved na halaga.

Susuriin ng BC Housing ang iyong request at ipapaalamsa iyo kung ito'y aprobado batay sa eligibility at availability ng funds. Kung ang iyong request ay naaprubahan, tatanggap ka ng isang bagong pre-approval letter na may mas mataas na halaga. Ang total ng pre-approved na halaga ay hindi lalampas sa \$40,000.

Kapag nagpapadala ng request para sa karagdaganang pondo, dapat kang magbigay ng:

- Mga kopya ng mga karagdagan o bagong quotations o mga resibo na nagpapakita ng tumaas na mga gastusin.
- Paliwanag ng dahilan para sa mga tumaas na gastusin.

## Ang SSIP Forgivable Loan

Sa ilalim ng SSIP pilot, ang loans ay available para sa hindi kukulangin sa 3,000 homeowners sa loob ng tatlong taon. Ang mga aplikasyon ay inaaprubahan nang first-come, first-served hanggang sa maubos na ang annual funding. Ang funding sa unang taon ay 40 milyon; ito'y sapat para sa 1,000 aplikasyon sa maximum loan na nagkakahalaga ng \$40,000.

### Ang Loan

Kapag nakompleto na ang construction at ang isang occupancy permit ay nakuha na ng eligible homeowners, maglalaan na ng loan funds. Ang halaga ng loan plus \$2,000 para sa mga legal na gastos, ay irerehistro sa titulo ng property sa loob ng limang taon. Magkakaroon ng interest batay sa Royal Bank of Canada Prime Rate plus 2%.

Bawat taon, 20% ng loan ay forgiven kapag sinusunod ng homeowner ang mga kondisyon para sa forgiveness. Kung natupad ang mga kondisyon sa loan, walang kinakailangang payments sa panahon ng forgiveness. Kung hindi natutupad ang mga kondisyon sa loan, ang loan at ang anumang interest ay dapat bayaran sa BC Housing.

Halimbawa:

Tantya o aktwal na gastos sa construction	Eligible para sa SSIP	SSIP loan (Pinopondohan pagkatapos maisyu ang occupancy permit)	Babayaran ng homeowner
\$18,000	Hindi eligible (Dahil ang tantya na gastusin ay mas mababa sa minimum threshold na \$20,000)	Hindi naaangkop	\$18,000
\$22,000	Oo	\$11,000	\$11,000
\$60,000	Oo	\$30,000	\$30,000
\$133,000	Oo	\$40,000	\$93,000

Ang table sa ibaba ay isang halimbawa ng forgivable loan timeline para sa isang homeowner na tatanggap ng maximum \$40,000 rebate.

Timeline	Halimbawa	Natitirang loan
Nakompleto ang construction Nakuha ang occupancy permit Narehistro ang mortgage	Ang \$40,000 forgivable loan plus \$2,000 para sa legal fees ng BC Housing ay rehistrado sa titulo ng property.  Oras na nakuha na ang permit, ang homeowner ay tatanggap ng \$40,000 payment mula sa BC Housing.	\$42,000
Katapusan ng ika-1 Taon	Isang taon pagkatapos marehistro ang mortgage, ang homeowner ay magkokompleto ng isang taunang pahayag na nagkukumpirma na natupad niya ang forgiveness requirements.	\$33,600



	Ang 20% ng original loan (\$8,400) plus interest ay forgiven.	
Katapusan ng ika-2 Taon	Pagkatapos ng pangalawang kompletong taon, ang homeowner ay magsusumite ng isang taunang pahayag na nagkukumpirma na natupad niya ang forgiveness requirements. Karagdagang 20% (\$8,400) at interest ay forgiven.	\$25,200
Katapusan ng ika-3 Taon	Pagkatapos ng pangatlong kompletong taon, ang homeowner ay magsusumite ng isang taunang pahayag na nagkukumpirma na natupad niya ang forgiveness requirements. Karagdagang 20% (\$8,400) at interest ay forgiven.	\$16,800
Katapusan ng ika-4 na Taon	Pagkatapos ng ika-apat na kompletong taon, ang homeowner ay magsusumite ng isang taunang pahayag na nagkukumpirma na natupad niya ang forgiveness requirements. Karagdagang 20% (\$8,400) at interest ay forgiven.	\$8,400
Katapusan ng ika-5 Taon	Pagkatapos ng ika-limang kompletong taon, ang huling 20% (\$8,400) at interest ay forgiven, at ang BC Housing mortgage ay kompleto at ire-release.	\$0

## Taunang Assessment ng Forgiveness

Bawat taon, ang BC Housing ay magpapadala ng mga pahayag ng forgiveness sa homeowners na may SSIP loans. Binabalangkas ng forgiveness declaration document kung ano ang status ng iyong account. Kailangan mong punan ang pahayag na ito at kailangan mong magpadala ng mga dokumento na nagpapatunay na natupad mo ang lahat ng requirements.

Kakailanganin mong kumpirmahin:

- Kung ilang buwan mo ng pinapaupahan ang unit.
- Na ang property ay iyo pa ring principal residence (pangunahing tirahan.)
- Ang buwanang renta para sa unit.
- Na hindi ka nagpapaupa sa isang kapamilya.

Kabilang ang sumusunod para patunayan ang eligibility para sa forgiveness:

<p><b>Katunayan ng kita mula sa pagpapaupa at halaga ng renta</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Income tax return na nagpapakita ng gross rental income (line 12599)</li> <li>• Mga resibo para sa renta o bank statements na nagpapakita na natanggap ang bayad sa renta</li> <li>• Isang kopya ng Tenancy Agreement na pinirmahan para sa rental unit</li> </ul>
<p><b>Ang ilang mga halimbawa ng Principal Residence para sa bawat homeowner na nasa titulo</b></p>	<ul style="list-style-type: none"> <li>• Kopya ng valid BC Driver's Licence o BCID</li> <li>• Kopya ng kasalukuyang Home Owner Grant Application</li> <li>• Kopya ng pinakahuling income tax return</li> <li>• Kopya ng kasalukuyang utility bill</li> </ul>

## Loan Forgiveness

Ang halaga ng SSIP loan at ang mga legal na gastos ng BC Housing na nagkakahalaga ng \$2,000 ay irerehistro sa titulo nang 5 taon bilang isang forgivable loan. Ito'y forgiven sa 20% para sa bawat taon na natutupad ang mga sumusunod na requirements ng programa:

- Ang property ay patuloy na Principal Residence ng (mga) may-ari.
- Ang secondary suite ay pinapaupahan sa ilalim ng isang tenancy agreement na tumutupad sa [Residential Tenancy Act](#). Isang kasalukuyang month-to-month tenancy o minimum na 1-year fixed-term tenancy. Bawal ang short-term o vacation rentals.
- Ang unit ay dapat na pinaupahan sa loob ng 10 buwan ng nakaraang taon taon.
- Ang renta para sa secondary suite ay nasa [Rent Affordability Limits](#) o mas mababa dito, sa unang occupancy ng bawat bagong tenant sa loob ng panahon ng forgiveness period.
  - Ang mga pagtaas ng renta ay hindi dapat lumampas sa limit na itinakda ng Residential Tenancy Branch.
- Ang tenant ay hindi isang kapamilya -- asawa, anak, magulang, o kapatid ng homeowner.

## Bayad para sa SSIP Funds

Pagkatapos matanggap ang pre-approval, ang homeowner ang may responsibilidad na tiyakin na nakompleto ang construction bago kumuha ng occupancy permit mula sa municipality o regional district. Sa sandaling ito ay matanggap, dapat kang mag-login at dapat mong i-update ang iyong SSIP account para ibigay ang mga nagsusuportang dokumento.

Kabilang sa mga ito ang:

- Occupancy permit – depende sa kung kailan inisyu ang permit, maaaring magrequest ang BC Housing ng karagdagang impormasyon para kompirmahin ang eligibility. Ang lahat ng mga invoice at mga resibo ay dapat mayroong business number (BN) o GST registration number ng contractor.
- Pangalan at contact information ng iyong abogado o notary public.
- Pahintulot at abiso ng may hawak sa mortgage, na pinirmahan ng lahat ng mga naunang lender na may interest sa property. Inilaan bilang bahagi ng pre-approval package.
- Ang SSIP Homeowner Declaration na pinirmahan ng lahat ng homeowners na nagkokompirma na ang Pahintulot at Abiso ng Mortgage Holder ay inilaan sa lahat ng mga naunang lender. Inilaan bilang bahagi ng pre-approval package.
- Katunayan ng homeowner's insurance kung saan sakop ang secondary suite.

Kailangan din kumpletihin ng homeowner ang isang Statutory Declaration, kabilang na ang:

- Impormasyon tungkol sa uri ng suite, bilang ng bedrooms, at accessibility features.
- Isang pahayag na ang lahat ng trabahong may kinalaman sa construction ng secondary suite ay nakompleto.
- Acknowledgment na iisang lifetime SSIP loan lamang para sa bawat homeowner ang pinahihintulutan, anuman ang halaga ng inapubahang mortgage.
- Pag-unawa at kaalaman sa lahat ng program requirements para maging kwalipikado para sa mortgage forgiveness.
- Acknowledgment na ang mortgage ay irerehistro at maaaring i-extend bawat taon hanggang 10 taon kung hindi natutupad ang program requirements. Ang BC Housing lamang ang maaaring magbigay ng mga extension.
- Acknowledgment na ang mortgage ay kailangang bayaran kaagad kung hindi sinusunod ng homeowner ang SSIP eligibility requirements at hindi niya inaayos ang mga problemang binanggit ng BC Housing.

Oras na kompleto na ang Statutory Declaration, gagawin ng BC Housing ang SSIP mortgage package. Pagkatapos ay ipapadala namin ito sa abogado ng homeowner para mag-execute at magrehistro ito sa titulo. Oras na natanggap na ng BC Housing ang kompirmasyon na kompleto na ang mga dokumento sa mortgage, ang SSIP loan ay ipapadala sa abogado ng homeowner para ito ay bayaran.

## Kontakin Kami

Kung mayroon kang anumang mga katanungan, mangyaring tingnan ang seksyon ng FAQ (mga madalas na katanungan) sa ibaba.

Tawagan kami sa 604-439-4727 o kaya 1-877-757-2577 at piliin ang opsyon 3. Maaari mo rin kaming kontakin gamit ang aming [secondary suite web form](#).

Secondary Suite Incentive Program Gabay sa Programa  
Hulyo 2024

## Mga Madalas na Katanungan

### **Ano ang ibig sabihin ng principal residence?**

Ang principal residence ay ang tahanan kung saan permanenteng naninirahan ang may-ari nang hindi kukulangin sa anim na buwan bawat taon. Ang residential address na ito ay ginagamit, halimbawa, para sa income tax returns, pagrerehistro ng sasakyan, at ID na inisyu ng gobyerno.

### **Ano ba ang ibig sabihin ng “below market value”?**

Upang maituring na ang renta ay abot-kaya at below market value sa ilalim ng SSIP, ang renta ng tenant ay hindi dapat lumampas sa [Rent Affordability Limit](#) ng iyong lugar.

### **Posible bang makakuha ng pre-approved para sa rebate bago gumastos para makakuha ng isang permit o construction?**

Hindi. Upang maging eligible para sa programa, kailangan ng BC Housing ng kopya ng iyong inaprubahang municipal permits at estimates para sa suite design at construction.

### **Ang aking municipality o regional district ay hindi nag-i-issue ng building permits. Eligible ba ako?**

Ang SSIP ay isang three-year pilot program. Para sa ika-1 taon, ang eligibility ay para lamang sa homeowners na naninirahan sa isa sa aprobadong British Columbia municipalities o regional districts na mayroong building inspection services. Ang mga pagbabago sa eligibility criteria sa darating na panahon at ang listahan ng aprobadong municipalities at regional districts ay matatagpuan sa aming [website](#).

### **Maaari ba akong magtayo ng laneway house?**

Oo. Ang bagong unit ay dapat self-contained at dapat maglaan ng access sa mga pang-araw-araw na gawaintulad ng pagluluto, pagtulog, at pagtanggap ng mail.

### **Maaari ba kaming magpaupa ng mga indibidwal na kuwarto?**

Hindi. Para maging eligible, ang secondary suite ay dapat isang self-contained legal unit na may kusina, banyo, at hiwalay na entrance.

### **Maaari ba kaming lumipat sa bagong itinayong suite at pagkatapos ay pauupahan namin ang pangunahing residence?**

Oo, kung natutupad ng homeowner ang lahat ng mga tadhana ng programa. Ang pangunahing tahanan ay dapat paupahan ng naaayonon mas mababa pa sa [Rent Affordability Limits](#) na itinakda ng BC Housing. Hindi ka maaaring magpaupa sa isang kapamilya, asawa, kapatid, magulang, o anak.

### **Bakit hindi kami maaaring magpaupa sa mga kapamilya?**

Hinihikayat at sinusuportahan ng Secondary Suite Incentive Program ang homeowners na may hindi-ginagamit na lugar na gumawa ng kinakailangang karagdagang housing. Ang programa ay isinagawa para sa homeowners na nais gumawa ng housing para sa open rental market.

### **Ano ba ang BC Housing legal fees?**

Ang halagang na-secure ng SSIP mortgage ay ang magiging halaga ng rebate na ibibigay, at karagdagang \$2,000 para sa legal fees ng BC Housing. Kabilang dito ang anumang mga bayad at taxes na may kinalaman sa paghahanda at release ng mortgage.

### **Ano ang mangyayari kapag nakuha ko ang rebate pero hindi ko na natutupad ang criteria bago makalipas ang limang taóng panahon?**

Kung hindi ka na eligible para sa programa, tungkulin mong bayaran ang anumang natitirang principal balance at naipon na interest.

May iba't-ibang mga dahilan kung bakit maaaring hindi maging eligible, halimbawa: ibinenta ang property sa panahon ng forgiveness period, o hindi na tumutupad sa mga tadhana at mga kondisyon ng forgivable loan, dahil ang property ay hindi na principal residence ng homeowners, o ang renta ay hindi na mas mababa sa market value.

### **Saan ba ako makakapag-apply?**

Maaaring isubmit ng eligible homeowners ang kanilang aplikasyon online sa [bchousing.org/secondary-suite](https://bchousing.org/secondary-suite). Ang mga aplikasyon ay inaaprubahan nang first-come, first-served hanggang sa maubos na ang annual funding. Hinihikayat ka naming pag-aralan ang [eligibility criteria](#). Pagkatapos ay maaari kang gumawa ng mga hakbang para kunin ang impormasyon para sa iyong aplikasyon.

### **Ano ang mangyayari pagkatapos lumipas ang limang taong panahon? Maaari ba akong sumingil ng market rent para sa suite pagkatapos ng panahong ito?**

Dapat patuloy na sundin ng mga landlord ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng *Residential Tenancy Act*. Maaaring itaas ng mga landlord sa B.C. ang renta bawat taon sa mga kasalukuyang tenant batay sa maximum na pinahihintulutang pagdagdag sa renta na inilalabas ng Residential Tenancy Branch bawat taon.

Kapag ang loan ay na-forgive na nang husto, walang restriksyon sa kung anong renta ang masisingil kapag pumapasok sa isang rental agreement sa isang bagong tenant. Ito'y alinsunod sa *Residential Tenancy Act*.